# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 71*

***''25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles.'' (Mateo 5 :25-26 KJV)***

Tayo ay magpapatuloy na salitain kung paanong bayaran ang iyong mga pagsalangsang sa patungkol sa ***Mateo 5 :25-26 ;*** patuloy tayong mag aaral at matututo sa mensaheng ito ng mga halimbawa sa Kasulatan upang turuan tayo kung paanong itama ang mga bagay bagay sa Dios at sa tao:

***2. Ano ang ginawa ng Panginoon sa mga tao ng Beth-semes: ''13 At silang mga Beth-semita ay umaani ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang mga mata, at nakita ang kaban, at nangagalak sa pagkakita niyaon, 14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na Beth-semita, at tumayo roon, sa kinaroroonan ng isang malaking bato: at kanilang biniyak ang kahoy ng karo, at inihandog sa Panginoon ang mga baka na pinakahandog na susunugin. 15 At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng Panginoon, at ang kaha na kasama niyaon, na may silid na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato at ang mga lalake sa Beth-semes ay naghandog ng mga handog na susunugin at naghain ng mga hain ng araw ding yaon sa Panginoon. 16 At nang makita ng limang pangulo ng mga Filisteo, ay bumalik sa Ecron nang araw ding yaon. 17 At ito ang mga bukol na ginto na ibinalik ng mga Filisteo sa Panginoon na pinakahandog dahil sa pagkakasala: sa Asdod ay isa, sa Gaza ay isa, sa Ascalon ay isa, sa Gath ay isa, sa Ecron ay isa ; 18 At ang mga dagang ginto, ayon sa bilang ng lahat ng mga bayan ng mga Filisteo na nauukol sa limang pangulo, ng mga bayan na nakukutaan at gayon din ng mga nayon sa parang; sa makatuwid baga'y hanggang sa malaking bato na kanilang pinagbabaan ng kaban ng Panginoon, na ang batong yaon ay namamalagi hanggang sa araw na ito sa bukid ni Josue na Beth-semita. 19 At sumakit ang Dios sa mga tao sa Beth-semes, sapagka't kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng Panginoon, sa makatuwid baga'y pumatay siya sa bayan ng pitong pung lalake at limang pung libong tao. At ang bayan ay nanaghoy, sapagka't sinaktan ng Panginoon ang bayan ng di kawasang pagpatay. 20 At ang mga lalake sa Beth-semes ay nagsabi, Sino ang makatatayo sa harap ng Panginoon, dito sa banal na Dios? at sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin? 21 At sila'y nagsugo ng mga sugo sa mga tumatahan sa Chiriath-jearim, na nagsasabi, Ibinalik ng mga Filisteo ang kaban ng Panginoon; kayo'y magsilusong at iahon ninyo sa inyo.'' (1 Samuel 6:13-21 KJV)***

Ang Bethsemes ay isang bayan sa Israel at ang kahulugan ng Bethsemes ay ang bahay ng araw, isang bagay na maliwanag at nagniningning. Ngayon, tingnan natin kung ano ang ginawa  mga Bethsemita at kung paano sila tumugon sa tanging pangyayaring iyon, nang ang kaban ng Dios ay ibinalik sa kanila, at tingnan natin ang ipinagawa sa kanila ng Diyos, at kung natupad nila ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios:

***A. <u>Sila'y nagalak</u>: "13 At silang mga Beth-semita ay umaani ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang mga mata, at nakita ang kaban, at nangagalak sa pagkakita niyaon." (1 Samuel 6:13 KJV)*** Sa halip ay dapat  silang manangis at magsisi. Ang kaban ay kinuha dahil sa kasalanan ng tanggapan ng mga seserdote at wala silang anumang ginawa, maging ituwid ang kasalanan o ibalik ito sa mga seserdote. Ngayon dahil ibinalik ito ng Dios, dapat silang magpakumbaba sa harapan ng Dios at ipangako ang kanilang sarili na manindigan at linisin ang ang tanggapan ng mga seserdote. Sa ngayon maraming mga Cristiano ay kumikilos ng parehong paraan; sila'y naghihintay ng mga himala at pangyayari na maganap upang ipagdiwang at pasiyahin ang buhay ngunit hindi handang ipakita kung paanong magsisi at bumalik sa Dios. Hindi nila handang harapin ang kasalanan at ang ugat ng pinagmulan ng kaguluhan na dumating sa kanila. * Kapag ang Dios ay gumagawa ng isang bagay na mabuti sa iyo ang inaasahan Niya mula sa iyo ay gumawa ng isang bagay na mabuti patungo sa Kanya at ito ay kapag nagsisi ka at bumalik sa Kanya at ipangakong muli ang iyong sarili na paglingkuran Siya. * Kaya, ang kailangang gawin natin ngayon ay kilalanin ang kasalanan at makipagtulungan sa Dios na tulungan ang mga tao na bumalik sa Dios sa pagsisisi at ipaliwanag sa kanila kung ano ang kailangan nilang gawin, kung hindi tatanggapin nila ang bunga ng kanilang pagsuway sa Dios.

***B. <u>Sila'y naghandog ng mga baka at pinakahandog na susunugin sa PANGINOON</u>: "14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na Beth-semita, at tumayo roon, sa kinaroroonan ng isang malaking bato: at kanilang biniyak ang kahoy ng karo, at inihandog sa Panginoon ang mga baka na pinakahandog na susunugin." (1 Samuel 6:14 KJV)*** Bilang handog na susunugin ang mga baka ay hindi dapat gamitin kundi lalaki na walang kapintasan gaya ng mababasa natin dito, ***"Kung ang kaniyang alay ay handog na susunugin na kinuha sa bakahan, ang ihahandog niya'y isang lalake na walang kapintasan: sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan ihahandog niya, upang tanggapin sa harap ng Panginoon." (Levitico 1:3 KJV)*** Ito'y hindi itinalaga sa kanila na kumatay ng dalawang baka, ngunit dapat nilang pabalikin sila sa kanilang mga guya na naghihintay sa kanila upang makainom ng gatas. Ang mga Bethsemita ay mga Levita at sila dapat ang magturo sa mga tao ng Salita ng Dios ngunit ngayon sila ang gumagawa ng maling mga bagay laban sa Salita ng Dios.

Sinasabi ng Salita ng Dios, ***"14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na Beth-semita,…..*** Maraming mga Cristiano ang pinangalan ayon sa mga pangalan sa Biblia, Josue, Daniel, Moises, David, Jeremias, ….. ngunit ang kanilang buhay ay kabaligtaran sa kanilang pangalan. Maraming mga Cristiano ginagamit nila ang mga handog na bagay na hindi itinalaga ng Dios upang takpan ang kanilang kawalan ng pangako. Sa halip na dalhin nila ang kanilang unang bunga, ang kanilang ikapu at mga handog, sila'y nagdadala ng pagkain, mga bagay na hindi nila kailangan, mga kaloob, mga bagay na nais nilang itapon, mga bagay na galing sa mga hindi mananampalataya, atbp. At ang bunga niyon ay tiwaling pag-iisip na nakatuon sa mga pakikipagkapwa sa pagkain at libangan at mga gawain sa simbahan na hindi makalulugod sa Dios o makamit ang kalooban ng Dios; kaya naman kailangan nating turuan at disiplinahin ang mga ganyang tao na may tamang paraan ng pamumuhay at turuan sila kung paano ibigay ang nararapat sa Diyos.

***C. Hindi nila dinala ang kaban ng Dios sa orihinal na lugar nito: "15 At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng Panginoon, at ang kaha na kasama niyaon, na may silid na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato at ang mga lalake sa Beth-semes ay naghandog ng mga handog na susunugin at naghain ng mga hain ng araw ding yaon sa Panginoon." (1 Samuel 6:15)*** Mayroong limang gintong bukol at limang gintong daga para sa limang mga bayan ng Filisteo na sinaktan ng Dios nang karamdaman ng bukol, at ang kanilang bukirin ay kinain ng mga daga. Ipinadala ng mga Filisteo ang mga ito bilang handog dahil sa pagkakasala sa Dios upang alisin ang Kanyang mga salot at ang Kanyang makapangyarihang kamay sa kanila. Ano ang ginawa ng bayan ng Bethsemes sa ginto ng mga hiyas? Walang binanggit. Sa ngayon ang tiwalang ministerio inilalagay nila sa kanilang mga bulsa at ang kayamanan ng simbahan ay palaging walang laman, at anumang oras na tanungin mo sila, sasabihin nila na walang pera sa simbahan.

Ano ang kailangang gawin ng mga Levita sa Bethsemes ay dalhin ang Kaban ng Dios sa Siloh kung saan ito kinuha, at doon, sila ay magsisi at ipangako ang kanilang sarili sa Dios. Kailangan nilang linisin ang tanggapan ng mga seserdoe mula sa katiwalian at imoralidad na naganap sa Siloh sa ilalim ni Eli ang seserdote at ng kanyang mga anak na lalaki. Katulad ngayon sa mga simbahan kung saan ang imoralidad ay pinapayagan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pakikipagtatagpo, panliligaw, kasintahang lalaki, kasintahang babae, pagsasama ng di kasal, paghihiwalay at pag aasawang muli.

Ang bayan pa ng Bethsemes ay kinailangang ihandog ang kanilang buhay, bilang pinakahandog na susunugin, buhay na handog muli, at paglingkuran ang Dios ng buong puso. Ang handog na susunugin sa Bagong Tipan ay upang ibigay ang ating personal na buhay sa Dios nang lubos at walang paglalaaan. Ang bayan ng Bethsemes ay isang bayan na inilaan para sa mga Levita na lubos na nakakaalam ng Salita ng Dios at ng Kautusan ng Dios. Ngunit sila'y kampante at tamad at hindi handang maglingkod sa Dios sa paraan na itinakda ng Dios sa Kanyang Salita. Ang nangyayari mula sa kasalanan at katiwalian sa tanggapan ng mga seserdote ay hindi sila naging sensitibo sa Salita ng Diyos. * Kapag ang kasalanan ay hindi hinatulan ang mga tao ay magiging kampante na sumunod. * Maraming mga ministerio, pastor at manggagawa na batid nila ang Salita ng Dios ngunit hindi sila handang magdusa upang labanan ang kasalanan, manindigan kasama ng Dios, harapin ang mga tao at ituwid sila. * Kailangan may kamalayan tayo at gumising, at huwag hayaan ang katiwalian at imoralidad na magpatuloy ng hindi hinaharap ang mga ito. Kailangan din nating manindigan kasama ng Dios at disiplinahin ang ating sarili at ang ating mga anak at mga alagad upang ang poot ng Dios ay hindi bumagsak sa atin.

***D. Tinitingnan nila ang kaban ng PANGINOON: "19 At sumakit ang Dios sa mga tao sa Beth-semes, sapagka't kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng Panginoon, sa makatuwid baga'y pumatay siya sa bayan ng pitong pung lalake at limang pung libong tao. At ang bayan ay nanaghoy, sapagka't sinaktan ng Panginoon ang bayan ng di kawasang pagpatay." (1 Samuel 6:19 KJV)*** Sinaktan sila ng Dios dahil hindi dapat nila tiningnan ang nasa loob ng Kaban ng Tipan. Ipinagbabawal sa mga Levita na tuminigin sa kaban ng Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"Nguni't sila'y huwag magsisipasok upang tingnan ang santuario kahit sandali man, baka sila'y mamatay." (Bilang 4:20 KJV)*** Ang Dios Mismo ang nagdala sa kaban; baka nais nilang makita at suriin kung dinala ng Dios ang Kanyang kaban at kung may isang bagay na nawawala mula doon. Maraming mga Cristiano hindi nila ginagawa ang dapat nilang gawin ngunit nakikialam sila at inaabala kung anong ginagawa ng Dios. Sila'y hindi natatakot sa Dios o manginig sa Kanyang presensya, sinamantala nila ang Dios at kaya naman tiningnan nila ang kaban, sinisiyasat nila ang Dios kung ginawa Niya nang maayos ang Kanyang gawain, at kaya naman sinaktan ng Dios mula sa kanila ang malaking bilang ng limampung libo at pitong pung libong lalaki (50070). Ito ang totoong bilang, at posibleng ginawa iyon ng Dios sa loob ng isang araw. Ginawa iyon ng Dios dahil nakialam sila sa mga bagay na sinabi ng Dios sa kanila na huwag gawin. Samakatuwid, tumuon sa paggawa ng mabuti sa iyong ministeryo at sa iyong bahagi at huwag makialam sa mga bagay na sinabi sa iyo ng Diyos na huwag gawin.

***E. Sila'y hindi nagsisi kundi sila'y nanangis at nagreklamo laban sa Dios: "20 At ang mga lalake sa Beth-semes ay nagsabi, Sino ang makatatayo sa harap ng Panginoon, dito sa banal na Dios? at sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin?' (1 Samuel 6:20 KJV) "At ang bayan ng Beth-semes ay nagsabi,"*** Umabot sa dalawang punto ang kanilang mga pagbulung bulungan.

***a. "Sino ang makakatayo sa harap ng Panginoon, dito sa banal na Dios?"*** Ano ang kanilang sinasabi, na ang Dios ay napakahigpit at sino ang makakasunod sa Kanyang kautusan. Maraming mga Cristiano sa ngayon kapag sila'y nagsalita tungkol sa disiplina ng Salita ng Dios sasabihin nila kaagad Sino ang makakasunod at sino ang makakagawa ng lahat ng mga bagay na ito? O Sino ang makakasunod sa lahat ng iyon? Ang ganoong salita ay pagrereklamo at paghihimagsik laban sa Dios?

***b. "at sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin?"*** Sila'y naghahanap upang ipasa ang pananagutan sa Kaban ng Dios sa ibang tao. Maraming mga Cristiano nais lamang nilang magpakasaya sa mga pagpapala ng Dios ngunit hindi nila gustong magdusa para kay Cristo at tumalima sa Kanyang Salita at batahin ang pananagutan at gawin nang tapat ang ministerio.

***F. <u>Nagpadala sila ng iba upang gawin ang kanilang ministerio</u>: "21 At sila'y nagsugo ng mga sugo sa mga tumatahan sa Chiriath-jearim, na nagsasabi, Ibinalik ng mga Filisteo ang kaban ng Panginoon; kayo'y magsilusong at iahon ninyo sa inyo." (1 Samuel 6 :21 KJV)*** Ginamit nila ang baka, kinuha nila ang gintong bukol at ang gintong mga daga at kinuha nila ang materyal na mga bagay, ngunit hindi sila handa na batahin ang Salita ng Dios at ang Kanyang disiplina at ipagpatuloy na gawin ang ministerio. Itinapon nila ang ministerio, ang kanilang pananagutan, at ang paglilingkod sa Dios at lumakad palayo nang dinisiplina Niya sila. Kapag ikaw ay gumawa ng mali kailangan mong tiisin ang disiplina ng Dios at magpatuloy sa ministerio.

***G. <u>Ang Chiriath-jearim ay mas mabuti kaysa sa mga tao ng Bethsemes</u>: "1 At ang mga lalake sa Chiriath-jearim ay nagsiparoon, at iniahon ang kaban ng Panginoon, at dinala sa bahay ni Abinadab sa burol, at pinapagbanal si Eleazar na kaniyang anak, upang ingatan ang kaban ng Panginoon. 2 At nangyari, mula nang araw na itahan ang kaban sa Chiriath-jearim, na ang panahon ay nagtatagal; sapagka't naging dalawang pung taon; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa Panginoon." (1 Samuel 7:1-2 KJV)*** Ang mga tao sa Ciriath-jearim ay mabubuting mga tao, sila'y natatakot sa Dios at may paggalang sa Kanya. Itinalaga nila ang isang bahay at isang tao na magbabantay at mangangalaga sa kaban. Ang bunga ng kanilang pagtatalaga ay mabungang ministerio: ***"at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa Panginoon."*** Kapag tapat nating inilaan ang ating buhay para paglingkuran ang Diyos, ang iba ay magsisimulang matakot sa Panginoon at babalik sa Kanya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tinatawag ka ngayon ng Dios upang minindigan na matakot sa Dios, ilaan ang iyong sarili sa Kanya, at paglingkuran Siya nang buong puso. May dalawang halimbawa sa iyong harapan, una ang mga tao sa Bethsemes at ang kanilang masamang halimbawa, at ang mga tao sa Ciriathjaerim at ang kanilang mabuting halimbawa at kahandaang gawin ang gawain ng Dios at pangalagaan ang ministerio ng Panginoon. Tinatawag ka ng Dios ngayon upang bumalik sa Kanya, upang magsisi at simulang maglingkod sa Kanya. Ang kabiguan sa pagkaseserdote ng mga Levito, ang katiwalian sa mga ministerio, iresponsableng mga manggagawa, magulang, at pastor gaya ng mga taong Bethsemes na hindi handang magbayad sa Dios kung anong nararapat sa Kanya, at hindi handang parangalan ang Dios ang lahat ng magagandang dahilan na ito ay para sa iyo ngayon upang tumugon sa tawag ng Dios at lubos na ipangako ang iyong sarili sa Kanyang paglilingkod gaya ng mga tao sa Ciriathjaerim, upang sa gayon ang lahat ng mga tao ay bumalik sa Panginoon, at ang pagpapala ng Dios ay magpatuloy na dumaloy sa iyong buhay.

***''25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles.'' (Mateo 5:25-26 KJV)*** Ang iyong kaaway ngayon ay ang Dios. Makipagkasundo at sumang-ayon sa Kanya, at maging mapayapa sa Kanya upang maiwasan ang disiplina at poot na magmumula sa Kanya; gawin mo kaagad at makipagkasundo ka sa Dios dahil baka hindi ka payagan ng panahon na gawin mo iyan kung patatagalin mo.

Bilang mga mangagawa ng Dios sa ubasan, matutunan natin ang mga aral mula sa totoong salaysay na pinagbulayan natin. Ating tanggapin ang pagsaway na tinanggap natin mula sa Salita ng Dios. Tayo ay magsisi, baguhin natin ang ating mga daan, bayaran natin kung ano ang nakaligtaan natin upang makapaglingkod tayo sa Dios sa tamang paraan at maging kalugod lugod sa Kanya.

Bilang isang simbahan, matutunan natin ang mga aral upang mapasa pamantayan at inaasahan ng Dios. Matakot tayo sa Kanya at gawin ang tama at matuwid sa Kanyang paningin sa pagbabayad sa Kanya at sa iba. Baguhin natin ang ating mga daan, Ingatan natin ang Salita ni Jesus, tayo ay bumalik upang paglingkuran Siya nang may isang malinis na puso at dalisay na matibo at gawin ang ministerio ng Dios sa Kanyang mga daan. Ating ibigay ang ating buhay sa kamay ng magpapalayok upang hulmahin tayo at hubugin tayo ayon sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban upang ang ating buhay at ministerio ay maging kaaya aya sa Kanya.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang*

*bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginooon ako'y nagpapasalamat para malinawag na Salitang ito na ipinakita sa akin nang malinaw ang paraan upang paglingkuran ka at kung paanong ipangako ang aking buhay upang magpatuloy at lumakad sa iyong mga daan.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat ng iyong mga maling ginawa. Talikuran ang iyong pagkakampante, kawalan ng pangako, walang kahandaang harapin ang mga kasalanan at katiwalian, pagbulong bulong at pagrereklamo laban sa Dios, pakikialam sa mga bagay na hindi mo gawain at pananagutan, atbp. Panginoon ipinatatapat ko at tinatalikuran ko ang sumusunod na mga kasalanan __________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa mga tagubilin na aking tinanggap ngayon mula sa iyong Salita. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na talikuran ang katamaran, at pagkakampante, at handang manindigan kasama mo at harapin ang kasalanan at katiwalian. Panginoon ipinangako ko ang sarili na gawin ang ministerio, at ang gawain at ang mabuting gawain na ipinagkatiwala mo sa akin.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at baguhin ang kanilang mga daan; Panginoon panumbalikin sila pabalikin sa iyo at sa ministerio, at gamitin sila na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan upang ipatupad ang disiplina at magpatuloy na labanan ang mga kasalanan at katiwalian at harapin ang seryosong mga isyu na nasa iyong simbahan at sa mga tao. Panginoon dalangin namin na bilang ipinangako namin ang aming sarili na ang iba ay lumapit sa iyo at simulang gawin ang iyong kalooban.*

*Panginoon ipinangako namin ang aming sarili bilang isang simbahan na mamuhay sa matuwid na buhay, na maging tapat at responsable sa gawain na ipinagkatiwala sa amin. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pangunahan kami, at tulungan kami na magevangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa upang ang iyong pangalan ay maluwalhati at matupad ang iyong kalooban sa aming kalagitnaan. Panginoon tuparin ang pananaw ng iyong simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 71. Bayaran mo ang iyong mga mga kasalanan. Mateo 5:25-26. I Samuel 6:13-21. Levitico 1:3. Mga Bilang 4:20. I Samuel 7:1-2.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com